ISSN 2672-2879

# CaraBalitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones
Science City of Muñoz, Nueva Ecija | Tomo 3 Blg. 3 | Mayo-Hunyo 2021

www.pcc.gov.ph
Department of Agriculture-Philippine Carabao Center
pccoed2021@gmail.com



Animal health at proper milk handling training...

Dr. Marvin A. Villanueva
DA-PCC Veterinarian/Resource Person

2



Unang patak ng gatas sa Mati City

8

# Gatas ng kalabaw, lumalayo, lumalawak ang nararating

Ni **Ma. Cecilia Irang**

**DA-PCC NHQGP—***Maaari nang makinabang sa pag-inom ng gatas ng kalabaw ang mga batang kulang sa nutrisyon na nasa malalayong lugar sa Luzon. Ito ay matapos simulan ang pamamahagi ng sterilized canned milk na may pinahabang shelf life.*

Sundan sa p.6



## Cagayan Valley, bukal ng gatas sa N. Luzon

Nina **Ma. Cecilia Irang** at **Joel Cabading**

***DA-PCC sa CSU —*** *Matagumpay na naisagawa ang kauna-unahang trial production ng sterilized carabao's milk noong Mayo 28 sa Amancio Nicolas Agri-Tourism Academy (ANATA) sa Isabela kung saan 780 pakete ang naprodyus sa isang oras.*

Ayon sa mga eksperto, kinakailangang obserbahan ang samples ng nasabing produkto sa loob ng 30 araw alinsunod sa protocol ng operasyon bago ito tuluyang iprodyus nang maramihan. Nasa 25,000 pakete kada araw ang target na maprodyus gamit ang kauna-unahang retort facility sa Cagayan Valley.

Layunin ng retort facility ang isterilisasyon ng gatas ng kalabaw sa Region 2 o Cagayan Valley upang mas mapaigting pa ang produksyon at pagsasapamilihan ng gatas sa KIsAViQ dairy zone na kinabibilangan ng mga probinsya gaya ng Kalinga, Isabela, Aurora, Nueva Vizcaya, Ifugao, at Quirino. Ito ay inaasahan ding makatutulong

Sundan sa p.3

## Ugnayang DA-PCC, DSWD para sa milk feeding program

Ni **Ma. Cecilia Irang**

**DA-PCC NHQGP—** *Ipinatutupad na ang magkatuwang na programa ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) at DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) sa 120-day milk feeding program sa walong lungsod sa buong bansa.*

Ang nasabing programa ay isinasagawa sa mga siyudad ng Olongapo, Angeles, Lucena, Puerto Princesa, Iloilo, Tacloban, Zamboanga, at Bacolod, kung saan nasa kabuuang 10,619 na mga bata ang makikinabang.

Alinsunod sa Republic Act No. 11037 o "Masustansyang Pagkain para sa Batang Pilipino", ang DSWD sa pakikipag-ugnayan sa mga lokal na pamahalaan at ahensiya ay may mandatong magsagawa ng supplementary feeding program (SFP) para matugunan ang problema sa malnutrisyon ng mga batang nasa edad 2-5 taong gulang na kasalukuyang naka-enroll sa mga day care centers o Supervised Neighborhood Play (SNP) groups gamit ang sariwang gatas o produktong gatas bilang karagdagang sangkap sa hot meals.

Sundan sa p.3

# Animal health at proper milk handling training para sa mga magkakalabaw ng Tarlac City

Nina **Diosdado Dalusong Jr. at Rovelyn Jacang**

***DA-PCC sa CLSU*** *— Para matulungan ang mga magsasaka na magkaroon ng karagdagang kaalaman sa pag-aalaga ng kalabaw, partikular na sa larangan ng animal health, ang lokal na pamahalaan ng Tarlac City, sa pangunguna ng Office of the City Veterenarian at pakikipagtulungan ng DA-PCC sa Central Luzon State University, ay nagsagawa ng pagsasanay para sa mga magkakalabaw sa nasabing bayan noong Hunyo 8.*

Alinsunod sa direktiba ng Inter-Agency Task Force (IATF) ng probinsya ng Tarlac, limitado lamang sa 10 kalahok mula sa iba't ibang barangay ng Tarlac City ang pagsasanay. Kaiba man sa nakasanayang paraan, naging makabuluhan pa rin ito.

Isa sa mga suliranin ng mga magkakalabaw sa naturang bayan ay ang pagkakasakit at pagkamatay ng kanilang mga alaga. Dahil dito, isa sa mga napiling talakayin sa pagsasanay na ito ay ang Animal Health, Care and Management. Ito ay ibinahagi ni Dr. Marvin Villanueva, Senior Science Research Specialist at OIC ng Biosafety and Environment Section ng DA-PCC National Headquarters. Tinalakay niya ang tungkol sa wastong pangangalaga ng kalabaw mula nang ito ay ipanganak, hanggang sa ito ay magbuntis, manganak, at gumagatas na.

Ang pagkasira ng gatas o hindi magandang kalidad nito ay isa rin sa mga problemang kinakaharap ng ilang mga magsasaka sa lungsod kaya naman dito uminog ang paksang tinalakay ni Dr. Renelyn Labindao patungkol sa Proper Milk Handling and Storage.

Si Dr. Labindao ay Science Research Specialist II at Head ng Product Processing and Marketing Unit ng DA-PCC sa CLSU. Kanyang ibinahagi ang mga preparasyon at mga dapat gawin ng mga maggagatas bago, kasalukuyan, at pagkatapos gumatas. Bahagi din ng kanyang lecture kung bakit bumababa ang kalidad ng gatas at kung paano ito maiiwasan upang mas tumaas ang kalidad ng inaaning gatas.

Ang lokal na pamahalaan ng Tarlac City sa pangunguna ni Dr. Noel Soliman ay maglulunsad ng Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP) sa lungsod. Ang FLS-DBP ay season-long na pagsasanay na tatagal ng anim na buwan. Ang mga kalahok sa isinagawang pagsasanay ay siya ring mga magiging kalahok sa FLS-DBP. Ito ay tinatayang magaganap sa mga susunod na buwan kapag naging maluwag na sa mga restriksyon dulot ng pandemya.

*Layunin ng pagsasanay na makapagbahagi ng kaalaman sa mga magkakalabaw upang maiwasan ang pagkakasakit ng kanilang mga alaga lalo na ng mga bulo at mapaganda ang kalidad ng aning gatas.*

# 'Kala-niyugan', bagong-tagpong gawain ng mga magsasaka sa Biliran

Nina **Emy Goritte Gorra** at **Ma. Cecilia Irang**
Larawang kuha ni **Chrestian Bacalla**

***DA-PCC sa VSU*** *— Bagong gawain ang sinuong ng mga benepisyaryo ng agrarian reform at magniniyog sa Brgy. Canila, Biliran, Biliran na tinatawag na Coconut-Carabao Development Project (CCDP), ang magkatuwang na proyekto ng DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) at DA-Philippine Coconut Authority (DA-PCA).*

Bilang hudyat ng pagsisimula sa nasabing proyekto, nagpamahagi ng 34 na gatasang kalabaw ang DA-PCC sa Canila Agrarian Reform Cooperative (CARCO).

Ang CARCO ay isang small coconut farmers organization (SCFO) na sinusuportahan ng DA-PCA, na binubuo ng mga magsasakang nagtatanim ng palay at niyog.

Sa kasalukuyan, ang CARCO ay isang aktibong benepisyaryo ng Kasaganaan sa Niyugan ay Kaunlaran ng Bayan (KAANIB) Projects ng DA-PCA kung saan kalakip dito ang pamamahagi ng cacao seedlings at livestock dispersal. Bilang aktibong SCFO na kabilang sa KAANIB Enterprise Development Program (KEDP) ng DA-PCA, napili ang CARCO ng DA-PCA bilang conduit cooperative para sa CCDP sa Biliran.

Noong una ay sinubok ang mga recipients sa pag-aalaga ng crossbred na kalabaw pero dahil sa introduksyon ng Cara-Aralan sa Niyugan, unti-unti ay natutunan nila kung paano pamamahalaan ang proyekto. Ang Cara-Aralan sa Niyugan ay isang blended learning modality sa wastong pamamahala at pag-aalaga ng gatasang kalabaw.




Ayon kay Chrestian Bacalla, project development officer para sa CCDP-Biliran, kahit na may mga pagsubok na pinagdaanan sa proyekto noong umpisa ang mga magsasaka ay nagpapasalamat pa rin sila dahil sa oportunidad na mapabilang sa proyektong ito at nangangakong gagawin ang lahat upang magtagumpay sa kanilang nasumpungang gawain.

Dinaluhan din ang entrustment activity nina DA-PCC's Regional Center Operating sa Eastern Visayas sa pangunguna ni Director Francisco Gabunada, Jr, Senior Science Research Specialist Dr. Ivy Fe Lopez, Community Development Officer Renato Briones, at Farm Superintendent Andres Amihan, Jr.



# Ugnayang DA-PCC, DSWD...

*Mula sa p.1*

Ilang mga memoranda of agreement sa pagitan ng DSWD Field Offices at DA-PCC Regional Centers ang nilagdaan sa pagpapatupad ng programa na may kabuuang pondo na Php24,211,320 na inilaan ng DSWD.

Nakipag-ugnayan ang DSWD sa DA-PCC upang matulungan silang mailapit sa mga lokal na maggagatas at kooperatiba na magsusuplay ng gatas para sa feeding program. Kabilang sa mga natukoy ng DA-PCC bilang suppliers ay ang Catmon Multi-Purpose Cooperative (MPC), Rosario Livestock and Agriculture Farming Cooperative, Yamang Bukid, Calinog Farmers' Agriculture Cooperative, Baclay MPC, Baybay Dairy Cooperative, at San Julio Agrarian Reform Beneficiaries Cooperative.

Dahil sa patuloy na banta sa kalusugan ng COVID-19, dinadala ng mga kooperatiba ang gatas sa nakatalagang drop-off points na iinspeksyunin naman pagkatapos ng LGU at DSWD Regional Office milk feeding focal persons.

Sa ilalim ng programa, ang bawa't bata ay makatatanggap ng 200 ml toned carabao's milk sa loob ng 120 araw bilang isa sa mga paraan para masugpo ang malnutrisyon.

Inaasahang doble ang hatid na benepisyo ng nasabing programa dahil hindi lamang nito matutulungan ang mga batang kulang sa nutrisyon kundi pati na rin ang mga lokal na maggagatas dahil sa oportunidad na magkaroon sila ng siguradong kabuhayan at mapagkakakitaan.

Sa kabilang banda, katulong din ng DSWD ang mga kooperatibang inaasistehan ng DA-PCC sa Region 3 para sa pagsasagawa ng 10th Cycle SFP na may kabuuang 588,492 mga benepisyaryo. Sa ganitong pamamaraan ay makatatanggap naman ang bawa't bata ng 200 ml ng gatas isang beses kada linggo sa loob ng tatlong buwan o kabuuang 12 araw bilang karagdagan o alternatibong pagkain sa ilalim ng SFP.

"Para matiyak na food safety-compliant ang isusuplay nilang gatas ay nagbigay kami ng technical assistance para sa wastong paraan ng paggagatas at pagpoproseso. Maliban doon, target din namin na turuan silang gumawa ng Milkybun bilang karagdagan nilang mapagkakakitaan," ani Mina Abella, DA-PCC's milk feeding national coordinator at Product Development and Innovation Section head.

"Kinokonsidera rin ng DSWD ang Milkybun bilang alternate food para sa SFP nito at sana maisama na nila ito sa 11th cycle SFP," dagdag niya.

Maliban sa DA-PCC, nakipag-ugnayan din ang DSWD sa National Dairy Authority, Cooperative Development Authority (CDA), LGUs, non-governmental organizations, at iba pang mga ahensya sa implementasyon ng Milk Feeding Program.

# Cagayan Valley, bukal ng gatas...

*Mula sa p.1*

sa pagtupad ng tungkulin nito para sa School-based Feeding Program (SBFP) ng Department of Education (DepEd) sa ilalim ng RA 11037 o "Masustansyang Pagkain para sa Batang Pilipino Act".

Sa pangunguna ni Noime Liangco, may-ari ng ANATA, handa na ngayon ang team KIsAViQ na pagsama-samahin, iproseso, at ipamahagi ang sterilized carabao's milk sa malalayong lugar sa hilagang bahagi ng Luzon, na inaasahang makatutulong sa pagpapabuti ng kalusugan ng mga batang kulang sa nutrisyon.

Kaugnay nito, nagpaabot din ng suporta ang mga inaasistehang kooperatiba ng DA-PCC sa rehiyon gaya ng Quirino Dairy Cooperative (QUIDACO) sa Maddela, Quirino at San Agustin Dairy Cooperative (SADACO) sa San Agustin, Isabela kung saan nangako silang pagsasama-samahin ang mga sobrang gatas ng kanilang kooperatiba upang makapag-ambag sa pagpapanatili at pagsasakatuparan ng mga adhikain ng dairy zone.

Naganap ang unang pagpupulong at strategic plan noong Disyembre 11, 2020 sa Amancio Hotel, Cordon, Isabela sa pamamagitan ng inisyatiba ng DA-PCC sa Cagayan State University (DA-PCC sa CSU), na pinamumunuan ni Dr. Rovina Piñera; at Dr. Caro B. Salces, Deputy Executive Director for Admin and Finance ng DA-PCC. Lumahok din sa pagpupulong sina Ms. Liangco, DA-PCC's OIC-Planning Officer Dr. Ericson N. Dela Cruz at National Milk Feeding Program Coordinator Ms. Mina P. Abella, at iba pang mga empleyado ng DA-PCC sa CSU.

Ang isinagawang strategic planning ay isang hakbang upang matukoy ang direksyon kung paano mapalalago ang paggagatasan sa rehiyon. Sa pamamagitan ng kasalukuyang interbasyon, kumpiyansa ang DA-PCC na mas maraming bata ang makatatanggap ng gatas ng kalabaw lalo na sa malalayong lugar na dating hindi naaabot ng programa.

*Sa pamamagitan ng retort facility, mas mapapahaba ang shelf life ng gatas ng kalabaw kung kaya't mas maraming batang kulang sa nutrisyon ang mabebenepisyuhan nito.*






# One DA's reform agenda sa diversification ipinatutupad sa Zambo

Nina **Dorie Bastatas** at **Ma. Cecilia Irang**

***DA-PCC sa MLPC*** — *Isinasakatuparan na sa mga piling lugar sa Mindanao ang One DA's reform agenda on diversification sa pamamagitan ng magkatuwang na proyekto ng DA-Philippine Coconut Authority (DA-PCA) at DA-Philippine Carabao Center, na Coconut-Carabao Development Project (CCDP).*

Isa sa 18 pangunahing estratehiya sa ilalim ng One DA ang diversification na hinihikayat ang mga magsasaka na sumuong sa iba pang farm commodity(ies) upang lalo pang mapataas ang kanilang kita.

Ito, ayon sa mga tagapagpatupad ng proyekto, ay ang pinakalayunin ng CCDP na kumita ang mga tradisyunal na magniniyog sa pamamagitan ng pagkakalabawan. Upang maisakatuparan ang adhikaing ito, nagsasagawa ng mga pagsasanay at serbisyong teknikal ang ahensya sa mga natukoy na lugar para sa proyekto, maliban pa sa suporta nito sa produksyon, pagpoproseso, at pagsasapamilihan.

Pinatanyag sa tawag na "Cara-Aralan sa Niyugan", ang interbensyon na ito ay isinagawa na sa Zamboanga Sibugay, isa sa mga sakop na lugar ng serbisyo ng DA-PCC sa Mindanao Livestock Production Center, kung saan 27 magniniyog ang lumahok sa season-long training for dairy buffalo production.

Nabigyan ng bagong kaalaman at nahasa ang kakayahan ng mga benepisyaryo ng CCDP project mula sa Makilas at Tomitom, Ipil, Zamboanga Sibugay sa pamamagitan ng nasabing pagsasanay na nagtapos noong Abril 30. Sila ay mga miyembro ng Small Coconut Farmer Organizations (SCFOs), na bahagi rin ng Coconut Agro-Industrial Hub Project.

Ang Cara-Aralan sa Niyugan ay isang pagsasanay na tumatagal ng 11 linggo, kung saan ginagamitan ito ng mga serye ng webinars tungkol sa iba't ibang mga paksa sa pag-aalaga ng kalabaw, na naglalayong sanayin ang mga magsasaka mula sa produksyon at pagpoproseso hanggang sa pagsasapamilihan. Ang mga kalahok ay nagkaroon din ng mga aktwal na pagsasanay habang sinusunod ang mga itinakdang health and safety protocols.

Ang mga paksang kabilang sa kurso ay: (1) Kwento at Kwenta sa Kalabaw ni Juan, (2) Forage Production and Conservation, (3) Feeding of Buffalo at Different Physiological Stages, (4) Disease Prevention and Control, (5) Proper Housing for Calves and Adults, (6) Best Practices in Artificial Insemination and Breeding, (7) Artificial Insemination in Large Ruminants, (8) Calving Management, (9) Wastong Paraan ng Paggagatas at Pangangasiwa ng Aning Gatas, (10) Hygienic Milk Handling Practices, at (11) Basic Financial Management.

Dumalo sa graduation ceremony sina Ferdinand Acaylar, PCA Regional Director; Ariel Tomong, OIC Division Chief, PCA-Ipil; Bernadette Ventura, Municipal Cooperative Officer; Masdi Hasim, Ipil Community Multi-Purpose Cooperative Manager; Fe Emelda Academia, Carabao-based Enterprise Development Coordinator; at project staff.

Nagbigay ng pangkalahatang ideya ukol sa proyekto si Academia. Sa ngalan ng DA-PCC ay ipinaabot niya ang pagbati at papuri sa mga kalahok na nagsipagtapos sa kabila ng mga balakid na pinagdaanan nila bunsod ng pandemya.

Sa kabilang banda, hinamon naman ni Acaylar ang mga kalahok, "Dapat ay tuparin ninyo ang sinimulan ninyo sa pamamagitan ng maayos na pag-aalaga sa mga gatasang kalabaw na ipinagkatiwala sa inyo. Tulungan at suportahan natin ang mga ahensyang nagpapatupad nito at maging ang mga stakeholders para magkaroon ng magandang bunga ang proyekto."

Naging lundo ng pagdiriwang ang paglalagda ng Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng DA-PCA, DA-PCC, at mga lokal na pamahalaan sa probinsya ng Sibugay at munisipalidad ng Ipil.

Ang bayan ng Ipil ay napili bilang pilot site dahil sa nabuong matatag na samahan ng lokal na pamahalaan at ng DA-PCC at ang potensyal nitong lumago bilang dairy hub sa Zamboanga Sibugay.

*Ang CCDP, na mula sa inisyatiba ni Senator Cynthia Villar, Chairperson ng Senate Committee on Agriculture, Food and Agrarian Reform, ay naglalayong (1) mabigyan ng oportunidad na magkaroon ng dagdag na mapagkakakitaan ang mga magsasaka na ang pangunahing pinagkakakitaan ay pagniniyugan sa pamamagitan ng kabuhayang salig sa kalabaw, at (2) mapataas ang lokal na produksyon ng gatas upang makapag-ambag sa pagpapabuti ng kalusugan ng pamayanan.*



# Unang hakbang sa 'kala-niyugan' ng Leyte

Ni **Emy Goritte Gorra**

***DA-PCC sa VSU*** — *Bilang pagpapatuloy sa pagpapalaganap ng Coconut-Carabao Development Project (CCDP) sa Eastern Visayas, nagsagawa ng isang writeshop session noong Hunyo 11 ang DA-Philippine Carabao Center sa Visayas State University (DA-PCC sa VSU) katuwang ang DA-Philippine Coconut Authority (DA-PCA) Region VIII sa Carigara, Leyte—isa sa mga nasasakupang lugar ng CCDP para sa rehiyon.*

Kalahok sa nasabing session ay ang mga kawani ng lokal na pamahalaan ng Carigara, DA-PCC, at DA-PCA at mga miyembro ng Kangara Multipurpose Cooperative (KMPC) at Macalpi Community Multipurpose Cooperative (MCMC).

Ang writeshop session ay isang bahagi ng inisyal na aktibidad para sa pagtatalaga ng CCDP, isang inisyatiba na itinataguyod ng opisina ng Senate Committee on Agriculture, Food and Agrarian Reform sa pangunguna ni Senator Cynthia Villar.

Sa ilalim ng CCDP model, mayroong dalawang kooperatibang tutulungan: isang Small Coconut Farmers Organization (SCFO) katulad ng MCMC na napili ng DA-PCA upang tumutok sa produksyon ng gatas at pag-aalaga ng hayop; at isang conduit cooperative na may pinansyal na kakayahan kagaya ng KMPC na tutulong sa pagpoproseso at pagsasapamilihan ng gatas.

Ang session ay isang pagpapatuloy ng nakaraang stakeholder's strategic planning workshop na naganap sa parehong lugar noong Mayo 21 at 22. Naglalayon itong makagawa ng operation's plan draft ng mga inaasistehang kooperatiba ng proyekto.



Magsisilbing dokumento ang operation's plan kung paano sila magiging epektibo sa pagpapatakbo ng proyekto sa hinaharap. Inaasahan ang aktibong kooperasyon ng bawa't kalahok ng session upang matulungan ang mga benipisyaryong magniniyog sa probinsya ng Leyte.

Dumalo sa aktibidad sina DA-PCC sa VSU Center Director Francisco Gabunada, Jr., Senior Science Research Specialist Ivy Fe M. Lopez at Community Development Officer Renato Briones. Kasama rin sa writeshop session sina Eduardo Macalandang, DA-PCC CCDP Consultant ng Visayas at Mindanao at Paul Andrew Texon, Operation's Staff ng DA-PCC sa Office of the Executive Director (OED).

# Ayudang gatas para sa mahigit 700 katao sa Cagayan

Ni **Aileen Bulusan**

***DA-PCC sa CSU*** *—Bilang pagtugon sa "social responsibility" ng ahensya sa pamayanan, nagsagawa ng community milk feeding program ang DA-Philippine Carabao Center sa Cagayan State University (DA-PCC sa CSU) sa apat na piling mga barangay ng Cagayan at sa Rural Health Unit (RHU) ng Piat.*

Sa loob ng 10 araw, namigay ng 200 ml pasteurized carabao's milk ang DA-PCC sa kabuuang 764 indibidwal, na kabilang sa "vulnerable sector", sa pamamamagitan ng inisyatiba nina DA-PCC sa CSU OIC-Center Director Dr. Rovina Piñera at Carabao-Based Enterprise Development Coordinator Romulo Salas.

Matagumpay na naisagawa ng ahensya ang aktibidad katuwang ang mga opisyales ng mga piling barangay na sina Brgy. Captain Samuel Canaya ng Namabbalan Norte, Brgy. Captain Margita Cua ng Namabbalan Sur, Brgy. Captain Eduardo Baliuag ng Virginia, at Brgy. Captain Cesar Cuntapay ng Tabang.

Kabilang sa mga napiling mabigyan ng gatas sa mga nabanggit na barangay ay ang mga bata, buntis, at mga senior citizens na kung saan 354 na katao ang nakatanggap.

Nagpamahagi rin ng gatas ang DA-PCC sa 410 indibidwal sa RHU-Piat, Cagayan kabilang ang mga frontliners at mga residenteng nagpupunta rito upang magpakonsulta, magpacheck-up o kaya naman ay magpagamot.

"Mainam ang pag-inom ng gatas ng kalabaw para mapalakas ang resistensya natin lalo na sa lumalalang sitwasyon ngayon ng pandemya," ani Dr. Piñera.



*Sa pag-aaral na isinagawa ng DA-PCC, napatunayan na ang gatas ng kalabaw ay may ibayong kabutihan sa kalusugan maliban sa gatas ng tao. Ito ay tinaguriang kumpletong pagkain dahil sa taglay nitong nutrients, minerals, bitamina, at enerhiya na nakatutulong sa pagpapalusog ng pangangatawan at pagpapalakas ng resistensya.*



# Home-based dairy project isinusulong ng LGU-Bacnotan

*Layunin ng pagsasanay, na ginanap noong Hunyo 10-11 sa Barangay Bacqui, Bacnotan, La Union, na magkaroon ng karagdagang mapagkakakitaan ang mga magsasaka habang nasa kani-kanilang tahanan sa pamamagitan ng paggagatas ng kalabaw.*

Ni Jan Rose Maon

***DA-PCC sa DMMMSU** — Labimpitong magsasaka ang nakapagtamo ng karagdagang kaalaman at kasanayan sa wastong pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw mula sa "Capability Enhancement Training on Milking Buffalo for Farmer Recipients in Home-Based Dairy Project" na isinagawa ng LGU-Bacnotan sa inisyatiba ni Mayor Francisco Angelito Fontanilla.*

Kinapalooban ng talakayan ukol sa kahalagahan at benepisyo sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw at wastong pag-aalaga sa mga ito ang unang araw ng pagsasanay na ibinahagi nina DA-PCC sa Don Mariano Marcos Memorial State University Center Director Vilma Gagni at Carlo Jowan Aspiras, artificial insemination technician sa nasabing lugar.

Tinuruan din ang mga kalahok ng wastong paghahanda, pamamaraan sa paggagatas at pagpoproseso ng gatas.

Samantala, nagbahagi naman ng karanasan si Emilio Ringor, isa sa mga kalahok na may ginagatasang kalabaw, tungkol sa mga ganansyang nakakamtan niya mula sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw partikular na ang adisyunal na kitang hatid ng gawaing ito.

Sa sumunod na araw, alas sais ng umaga, ay ipinakita at itinuro nina Ringor at kapwa magkakalabaw nitong si Benjamin Espada ang paraan nila ng paggagatas sa kanilang mga alaga at pagpoproseso ng gatas. Ginanap ang demonstrasyon sa pastulan ni Ringor.

Dahil sa mga naibahaging kaalaman at karanasan, bakas sa mga kalahok ang kagalakan at determinasyon upang mai-apply ang mga natutunan nila mula sa pagsasanay.

Dumalo rin sa pagsasanay ang mga kawani ng Municipal Agriculture Office sa pangunguna ni Agriculturist Dr. Divina Gracia Apigo at Jenesse Arellano, project incharge.

Ang lokal na pamahalaan ng Bacnotan ay nakapagbahagi na ng kabuuang 27 gatasang kalabaw sa mga kalahok. Plano din ng LGU na magpatayo ng planta para sa pagpoproseso ng gatas at dairy outlet upang magkaroon ng siguradong merkado para sa kanilang aning gatas ang mga magkakalabaw.

## Gatas ng kalabaw... 

*Mula sa p.1*

Ang Schools Division Office (SDO) ng Aurora ang kauna-unahang namahagi na may 4,568 benepisyaryo sa ilalim ng nationwide school-based feeding program (SBFP) na pinangungunahan ng Department of Education (DepEd).

Minsanang inihatid ng Licaong Agricultural Cooperative (LAC), isa sa mga suppliers ng gatas na inaasistehan ng DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) sa Luzon, ang kabuuang 159,880 cans ng sterilized carabao's milk sa mga nakalaang drop-off points sa Dingalan at San Luis, Aurora, na tinanggap at sinuri naman ng kani-kanilang SBFP focals.

Sa tulong ng mga magulang ng mga benepisyaryo, nagsimulang magpamahagi ng sterilized canned milk ang SDO noong Hunyo 14 kasabay ng pagbibigay nila ng learning modules sa mga bata.

Sa ilalim ng programa ay makatatanggap ng 180 ml sterilized canned milk ang bawa't bata araw-araw sa loob ng 35 feeding days.

Kamakailan lamang ay nangontrata ang DA-PCC ng isang third-party toll packer na magpapakete ng paunang apat na milyong cans ng sterilized milk sa pamamagitan ng retort facility gamit ang mahigit 40,000 litro ng gatas ng kalabaw na isusuplay ng mga farmer's cooperatives sa Luzon. Ang mga produkto ay ipamamahagi sa Regions 1, 2, at 3 at ibang parte ng Cordillera Administrative Region (CAR).

Sa retort process ay hinahayaan nitong ma-sterilized ang gatas ng kalabaw sa aluminum cans na hindi na kinakailangan pa ng mga preservatives.

Sa pamamagitan ng pinagbuting packaging na ito, ang shelf life ng gatas ng kalabaw ay mas pinahaba mula sa dating pitong araw ngayon ay hanggang anim



Larawang kuha ng SDO Aurora

*Ang mga miyembro ng Licaong Agricultural Cooperative habang idinedeliver ang mga sterilized canned milk sa drop-off points ng Aurora.*

na buwan na, kaya naman mas maraming batang mag-aaral ang makaiinom ng masustansyang gatas ng kalabaw, lalo na ang mga nasa lugar na dating hindi naaabot ng programa, at yaong mga lugar na walang kuryente o pasilidad para sa pag-iimbak ng gatas.

Maliban sa pinahabang shelf life, ang sterilized canned milk ay maaaring ibiyahe nang mas madali, iimbak sa hindi malamig na lugar o room temperature nang hindi nasisira o napapanis, at i-deliver nang maramihan na hindi na kailangang araw-araw pa ang paghahatid ng gatas.

Nakatakda ring mag-deliver ang LAC ng 153,725 cans ng sterilized carabao's milk sa Bulacan; 4,000 sa Mabalacat; at 24,219 sa Olongapo bago matapos ang Hunyo.

Ang iba pang DepEd SDOs na magpapamahagi ng sterilized canned carabao's milk sa kani-kanilang mga benepisyaryo ay ang Zambales, Tarlac Province, Pampanga, Ilocos Sur, Abra, Pangasinan, San Fernando City, Kalinga, Tabuk City, Bataan, at Nueva Vizcaya.






Larawang kuha ni Chrissalyn Marcelo

*Ang mga magsasakang miyembro ng KARBenA kasama ang opisyales ng lokal na pamahalaan ng Mati City at ng DA-PCC habang masayang kumakaway at ipinakikita ang sertipiko ng turn-over ng dairy processing and marketing outlet na kanilang natanggap sa DA-PCC.*

# Kaygandang kapalaran para sa Kalaparan koop

Ni Rodolfo Jr. Valdez

***DA-PCC sa USM** — Magandang kapalaran ang napasakamay kamakailan ng Kalaparan Agrarian Reform Beneficiaries Association (KARBenA) sa Mati City, Davao Oriental matapos ang matagumpay na pagdaraos ng turnover ceremony ng dairy processing plant at marketing outlet nitong Hunyo 18.*

Ang KARBenA ang mamamahala sa kauna-unahang Dairy Box sa Davao Oriental. Ang nasabing pasilidad na nagkakahalaga ng Php1.3M ay magiging sentro ng pagpoproseso ng gatas ng kalabaw at pagbebenta ng mga produkto mula rito.

Maraming benepisyo ang hatid nito hindi lang sa mga mamamayan ng Mati City at mga kasapi ng KARBenA kundi maging sa mga karatig-bayan ng lungsod dahil sa pagdaloy ng mga oportunidad na hatid ng paggagatas.

Ang KARBenA ay isa sa mga conduit cooperatives na kabalikat ng Department of Agriculture – Philippine Carabao Center sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM), na pinamumunuan ni Center Director Benjamin John Basilio, sa proyekto nitong Carabao-based Business Improvement Network o mas kilala sa tawag na ALAB-Karbawan o Accelerating Livelihood Assets Buildup na pinondohan ng Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform.

Sa isang video message ni Senador Cynthia A. Villar na siyang chairperson ng nasabing komite, isang hamon ang kaniyang iniwan sa mga tagapagpaganap ng proyekto at maging sa mga magsasakang kasapi ng koop.

"Ang paggagatas ay makatutulong na magbigay ng regular na pagkukunan ng kita. Ako ay umaasa na ang turnover na ito ay makapag-aambag ng malaking kontribusyon sa pag-unlad ng dairy industry dito sa Davao Oriental," ani Senator Villar.

Sa mensahe naman ni DA-PCC Deputy Executive Director Dr. Caro B. Salces, pasasalamat ang kaniyang ipinaabot sa lahat ng mga kabalikat ng DA-PCC sa pagsusulong ng lokal na industriya ng paggagatasan sa lugar. Nagbigay din siya ng inspirasyon sa mga magsasakang kasapi ng KARBenA na paramihin pa ang produksyon ng gatas sa lungsod at magsilbing modelo ng maalab na pagkakalabawan sa Davao Oriental.

Sa isang panayam naman kay City Mayor Michelle Rabat, ipinahayag nito ang labis na kagalakan matapos masaksihan ang makasaysayang hudyat ng pagsisimula ng pagkakalabawan sa Mati City na siya ngayong nangunguna sa pagsusulong ng pagkakalabawan sa buong probinsya ng Davao Oriental. Sinelyuhan ng Mayora ang makasaysayang pangyayari ng kaniyang paniniguro na buo ang suporta ng city government sa mga maggagatas.

"Sisiguraduhin ko na may taunang pondo sa proyektong salig sa kalabaw para magtuluy-tuloy ang progreso nito. Naniniwala kasi kami na magiging matagumpay ang proyekto na siyang tutulong sa pag-unlad ng buhay ng ating mga magsasaka sa lungsod," masayang sabi ni Mayor Rabat.

Sa turnover speech naman ni DA-PCC sa USM Senior Science Research Specialist Jeffrey Rabanal, binigyang diin nito ang pasasalamat sa naging suporta ng city government, city agriculturist office, provincial veterinary office, city veterinary office, Agricultural Training Institute XI at iba pang opisinang nagbigay ng suporta mula sa paglatag at pagsasagawa ng proyekto.

Hindi naman magkamayaw sa pasasalamat ang mga magsasakang kasapi ng KARBenA sa binuksang Dairy Box mula sa DA-PCC.

"Ating alagaan ang ibinigay na proyekto ng gobyerno, mahalin at paunlarin natin ito. Kung atin itong maisagawa, hindi lang tayo ang aasenso bagkus maging ang buong Mati City," may galak na ani Rhodora Datar, chairman ng KARBenA.

Sa panayam naman kay DA-PCC sa USM Carabao-based and Enterprise Development coordinator Nasrola Ibrahim, binigyang pugay nito ang mga magsasaka mula sa KARBenA na siyang itinuring niyang pangunahing aktor sa proyektong ALAB-Karbawan.

"Hindi mabubuhay, maisasagawa, at magiging matagumpay ang proyektong ito ng ating gobyerno kung wala ang aktibong partisipasyon ng mga mahal nating magsasaka," ani Ibrahim.

Inaasahan naman na maisasagawa ngayong taon ang kaparehong turnover ceremony ng Dairy Box sa probinsya ng North Cotabato, South Cotabato, Davao de Oro, at Davao del Sur.

*Ang KARBenA ang mamamahala sa kauna-unahang Dairy Box sa Davao Oriental. Ang nasabing pasilidad na nagkakahalaga ng Php1.3M ay magiging sentro ng pagpoproseso ng gatas ng kalabaw at pagbebenta ng mga produkto mula rito.*



*Abangan sa susunod na isyu:*

**'Whey' mula sa keso, ginawang bagong inumin ng DA-PCC**

**iASK series patungkol sa Enriched Rice Straw (e-RS) para sa alagang kalabaw**





*(Kaliwang Larawan) Ang mga magsasakang miyembro ng KARBenA kasama ang opisyales ng lokal na pamahalaan ng Mati City at ng DA-PCC habang masayang ipinakikita ang unang patak ng gatas sa Mati City, Davao Oriental. (Itaas na Larawan) Si Henry Justo, milker at AI technician ng DA-PCC sa USM, habang ipinakikita sa nasabing kooperatiba kung paano ang tamang paggagatas sa kalabaw.*

# Unang patak ng gatas sa Mati City

Ni **Chrissalyn Marcelo**

**DA-PCC sa USM —** *Buong kagalakang sinaksihan ngayong araw ng mga magsasaka sa Mati City ang kauna-unahang demonstrasyon ng paggagatas sa kanilang bayan sa Davao Oriental.*

Sila ang mga magsasakang miyembro ng Kalaparan Agrarian Reform Beneficiaries Association (KARBenA).

Nanguna sa demonstrasyon ang Department of Agriculture-Philippine Carabao Center sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM) at ang city government ng Mati na siyang nagpapatupad at sumusuporta sa carabao development program sa nasabing lugar.

Ayon kay Dumarc Yap, isa sa naggatas sa kalabaw, masaya siya dahil sa unang pagkakataon ay naranasan niyang maggatas. Inaasahan din niya, aniya, na sa kalaunan ay makikilala ang kanilang kooperatiba bilang isa mga nangungunang prodyuser ng de-kalidad na gatas ng kalabaw hindi lang sa kanilang probinsya kundi sa buong bansa.

Ayon naman kay William Quimpo Agisanda, 75, may-ari ng unang kalabaw na ginatasan, walang paglagyan ang kasiyahan niya dahil siya ang unang nagkaroon ng kalabaw na nanganak at ginatasan. Lubos ang pasasalamat niya sa DA-PCC, Mati City Government, at sa opisina ng butihing Senator Cynthia Villar sa pagbibigay ng pondo para sa proyektong pagkakalabawan sa kanilang lugar.

Masaya ring ipinahayag ni Rhodar Datar, 55, chairman ng KARBenA ang kaniyang saloobin sa proyekto: "Pinagpala ang KARBenA na biniyayaan ng ganitong proyekto sa paggagatas dahil ito ang nakita ko na mag-aahon sa amin sa kahirapan naming mga magsasaka."

Dagdag pa niya, masaya siyang nasaksihan ang unang paggagatas sa kanilang lugar dahil 'yon ang unang beses na nakakita siya ng kalabaw na ginagatasan sa kanilang lugar.

Ganito rin ang pahayag ni Eleanor E. Sambas, 62, City Agriculturist ng Davao Oriental sa proyekto: "Ang proyektong ito ay isang pagpapala sa amin dahil makatutulong ito hindi lang sa pagbibigay ng kita sa magsasaka kundi makatutulong din sa pagbibigay ng wastong nutrisyon sa mga bata".

"Dahil sa ang proyektong ito ay isa sa mga masasabi namin na pangarap ng aming butihing Mayor na si Michelle Rabat, ang Mati City ay buong pusong nakasuporta sa programa. Sa katunayan, dahil naniniwala kami na lalago at magtutuluy-tuloy ang proyektong ito hindi lang ngayon kundi maging sa mga susunod pang henerasyon, naglaan ang city government ng taunang pondo para sa proyekto maliban pa sa ilang mga ayudang nakatakda naming igawad sa susunod na taon," dagdag ni Sambas.

Kabilang sa mga ayuda ay ang 3 ektaryang lupa na siyang gagamitin para sa pagtatayo ng milking parlor, refrigerated van, at water system na ang halaga ay aabot sa Php7.5M.

Samantala, sa ginanap na demonstrasyon ng paggagatas, nakakuha ng 2 litrong gatas sina Henry Justo, milker at AI technician ng DA-PCC sa USM, at Dumarc Yap, sa crossbred na kalabaw na ginatasan.

Ayon kay Nasrola Ibrahim, ang Carabao-based Enterprise Development coordinator ng DA-PCC sa USM, ipapainom ang nakuhang unang gatas sa anak o bulo ng kalabaw para makuha nito ang nutrisyon sa colostrum na kailangan sa paglaki nito. Gagawin ito, aniya, sa loob ng 5-7 araw.

"Ang kalabaw na ginatasan ay isa sa mga 32 crossbreds na kalabaw na ibinigay ng DA-PCC sa USM sa KARBenA nitong Mayo hanggang Hunyo ngayong taon," aniya pa.

Maliban sa paggagatas, nagkaroon din ng milk toast na pinangunahan nina DA-PCC Deputy Executive Director Dr. Caro B. Salces, City Agriculturist Sambas, mga miyembro ng KARBenA, at mga kawani ng DA-PCC sa USM.

Ang proyektong pagkakalabawan sa Davao Oriental ay bahagi ng Carabao-based Business Improvement Network project o ALAB-Karbawan ng DA-PCC na may 39 na project sites sa buong bansa. Layon nito na bigyan ng negosyo ang mga magsasaka sa pamamagitan ng pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.


## Patnugutan

**Patnugot** ERIC P. PALACPAC, ROWENA GALANG-BUMANLAG
**Tagapamahalang Patnugot** MA. CECILIA C. IRANG
**Panrehiyong Tagapamahala** CHRISTINE HELEN M. ADRIANO, DORIE D. BASTATAS, VICTOR S. GEROCHE
**Layout at Ilustrasyon** CHRISSALYN L. MARCELO
**Manunulat** DORIE D. BASTATAS, AILEEN L. BULUSAN, JOEL F. CABADING, DIOSDADO F. DALUSONG JR., EMY GORITTE E. GORRA, MA. CECILIA C. IRANG, ROVELYN T. JACANG, JAN ROSE G. MAON, CHRISSALYN L. MARCELO, RODOLFO JR. T. VALDEZ
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** RALPH JOSH C. BALLADO
**Tagapayo** RONNIE D. DOMINGO

## CaraBalitaan

Department of Agriculture PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED ISO 9001 | ISO 14001 | ISO 45001

*Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na inilalathala isang beses kada dalawang buwan para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.*